

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNILANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNILANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 11 NOVEMBER 1992, 9:00 AM. AT THE SANGGUNILANG BAYAN SESSION HALL.

Present :

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Baticos	- Member
Kagawad Honesto O. Taytay	- -do-
Kagawad Crisencio S. Calma	- -do-
Kagawad Ferdinand V. Talens	- -do-
Kagawad Bernabe S. Mortel	- -do-
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.	- -do-
Kagawad Ramulfo C. Bernal	- -do-
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- -do-, ABC President

Absent :

Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	- Member
-------------------------------	----------

KAPASYAHAN BLG. 59
Taong 1992

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PANLALAWIGANG PINUNO NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA, SILANGANG MINDORO, G. FELIPE SANCHEZ, NA BIGYANG-TULONG PINANSYAL AT MATERYAL ANG PAGPAPAGAWA NG MUNICIPAL FISH SANCTUARY SA SITIO DALAHICAN, SAN JOSE, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ang karagatang nasasakupan ng bayang ito ay nangangailangan na ng masusing pagsasaayos upang maibalik ang likas na tirahan ng mga yamang-dagat kahit man lang sa paraang artipisyal;

SAPAGKA'T, maraming mamamayan ang nangangamba na sa darating na mga araw ang maliit na karagatan ng bayang ito'y wala nang mapagkukunang yamang-dagat;

SAPAGKA'T, sa itinagal ng panahon ng pangingsida ng mga mamamayan dito kasabay ng malalaki at maramihang panghuhuli ng mga dayuhang mangingsida, ang karagatan ng Roxas ay patuloy na mawawasak at mauukulan ng mga yamang-dagat;

SAPAGKA'T, marami pa ring mangingsida ang gumagamit ng mga ilegal na parean ng panghuhuli na siyang pangunahing dahilan upang ang mga tirahan ng mga yamang-dagat na ito'y patuloy na masira;

SAPAGKA'T, isa sa mga programa ng ating pamahalaan ay ang pagpapa-gawa ng mga artificial coral reefs upang maibalik muli ang mga nasirang likas na tirahan ng mga yamang-dagat; at

SAPAGKA'T, maraming mamamayan dito ang umaasa sa mga biyayang mula sa dagat, kung kaya napapanahon lamang at naaangkop na magkaroon na ng isang Municipal Fish Sanctuary.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kag. Honesto O. Taytay at sa pagpapangalawa ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kagawaran ng Pagsasaka, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni G. Felipe Sanchez na bigyang tulong na pinansyal at materyal ang pagpapagawa ng Municipal Fish Sanctuary sa Sitio Dalahican, San Jose, Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay G. Felipe G. Sanchez para sa kanyang maagap na pag-aksyon upang maisakatuparan ang nabanggit na proyekto.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Pambayang Pinuno ng Kagawaran ng Pagsasaka, G. Nicodemus Suarez at ang Kgg. na Punong Bayan, Gelacio I. Yason ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at sanggunian.


Pinagtibay ng lahat.

11 Nobyembre, 1992

PINATUTUNAYAN KO na ang nilalaman ng kapasyahang ito ay totoo.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim para sa Sanggunian

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

merz/